12. RA 10653 Pagbabawal ng pagsingil ng income tax sa 13th month pay ng empleyadong mababa ang sahod
13. RA 10969 nagsasaad ng libreng irigasyon para sa mga mahihirap na magsasaka
14. RA 10862 Nutrition and Dietetics Law of 2016
15. Pag author at pagpasa sa Kongreso ng House Bill 5842 na nagsasaad ng P2000 dagdag sa SSS Pension
16. RA 11036 Mental Health Act (2017)
17. RA 11037 Masustansyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act (2017)
18. RA 11148 Kalusugan at Nutrisyon ng Mag-Nanay Act (2018)
19. RA 11202 Mobile Number Portability Act (2018)
20. RA 11369 National Students Day Act (2018)
21. RA 11440 National Campus Press Freedom Day Act(2018)
22. RA 11712 nagbibigay Php 3-9,000 allowance at iba pang benepisyo sa mga mga government at private health workers

## Patuloy na ipinaglalaban ng BAYAN MUNA ang interes ng masa at ng bayan

- Murang pagkain, bilihin at serbisyo
- Sapat na kita, regular at ligtas na trabaho
- Paglilinis ng pamahalaan mula sa talamak na korupsyon at katiwalian
- Pagsustini sa kampanya para sa pagtataas ng SSS at social pension
- Pagtutol sa jeepney phaseout
- Pagdepensa sa karapatang pantao laban sa extrajudicial killings, pandarahas at panunupil ng estado sa mahihirap at kritiko ng gubyerno
- Pagtatanggol ng pambansang ekonomya at kasarinlan laban sa pagsasamantala at pakikiaalam ng Imperyalistang US, panghihimasok ng China sa West Philippine Sea at iba pang imperyalistang bansa.

## Ano ang Saligang Programa ng BAYAN MUNA?

1. Kamtin ang tunay na reporma sa lupa at modernisasyon sa agrikultura
2. Ipatupad ang pambansang industriyalisasyon, wastong paggamit ng likas na yaman at proteksyon sa kalikasan
3. Igarantiya ang demokratikong karapatan at kapangyarihan ng mamamayan
4. Tiyakin ang sapat na serbisyong panlipunan
5. Isulong ang makabayan at progresibong edukasyon at kultura
6. Ipagtanggol ang pambansang soberanya at malayang patakarang panlabas. Ituloy ang usapang pangkapayapaan upang lutasin ang ugat ng digmaang sibil sa bansa

## Paano sumali sa BAYAN MUNA?

Maaaring sumali sa Partido ang sinumang Pilipinong 18-taon gulang pataas na naniniwala sa mga prinsipyo at programa ng Bayan Muna. Ang mga edad 15-17 ay maari namang maging katuwang na kasapi. Ang bawat kasapi ay may obligasyong alamin ang kanyang karapatan at tungkulin, at lumahok sa mga aktibidad ng Partido. Ang nais maging kasapi ay maaring mag-aplay sa pambansang tanggapan o sa pinakamalapit ng tsapter ng Bayan Muna.


Pambansang tanggapan: Block 25 Lot 34, Gabriela Silang St., New Capitol Estate 1, Batasan Hills, 1126 Quezon City

bayanmuna.com.ph
/bayanmunapartylist
@bayanmuna
bayanmunapartylist
+632 8735 0191
bayanmuna1999@gmail.com


# BAYAN MUNA PARTYLIST

## 25 TAONG PAGLILINGKOD SULONG SA TAGUMPAY!



# Ano ang BAYAN MUNA?

Ang Bayan Muna ay isang progresibong partido ng mga mahihirap at mga nasa laylayan ng lipunan. Ito ay partido rin ng mga manggagawa, magsasaka, kawani ng pamahalaan, mangingisda, manininda, tsuper, mga katutubo, Moro, kabataan at kababaihan, prupesyunal at maliliit at makabayang negosyante.

Ipinaglalaban ng Bayan Muna ang interes ng karaniwang mamamayan at ang pag-unlad ng bansa. Itinatag ito noong Setyembre 25, 1999 bilang progresibo, makabayan at demokratikong alternatibo sa mga reaksyonaryo, makadayuhan at kontra-mamamayang partido sa bansa.

# Ano ang layunin ng BAYAN MUNA?

Pangunahing nais ng Bayan Muna ang wakasan ang sistema ng pagsasamantala at pang-aapi ng dayuhan at iilan at mapaunlad ang buhay ng mahihirap at ng buong bansa.

Sumasali ang Bayan Muna sa halalang party list at eleksyon ng iba pang pwesto sa pamahalaan para katawanin ang mahihirap, manggagawa, magsasaka, kawani ng pamahalaan at iba pang aping uri at sektor.

Lumalahok ang partido sa parlamento ng lansangan at isinusulong ang kilusang masa bilang pinakamakapangyarihang salik ng pagbabago ng sistema at pag-unlad ng bayan.




# Ano ang "bagong pulitika" na isinusulong ng BAYAN MUNA?

Itinatakwil ng Bayan Muna ang tradisyunal at maduming pulitikang namamayani sa bansa.

Isinusulong ng Bayan Muna ang Bagong Pulitika na:

- nasa unahan ang interes ng mayoryang naghihirap, hindi ng kakarampot na naghaharing uri;
- ang pulitikang nakabatay sa prinsipyo at programa, hindi sa personalidad at utang na loob;
- ang tapat at malinis na paglilingkod bayan, hindi ang pangungurakot at pandarambong;
- ang paglalantad sa katotohanan at pagharap sa mga isyung pambayan, hindi ang panlilinlang at pag-iwas sa daing ng mamamayan;
- ang pag-unlad ng mapagpalaya at militanteng kilusang masa, hindi ang pagpapahina nito at pagpapailalim sa lumang pulitika ng elitista.

# Anu-ano ang mga tampok na ginawa ng BAYAN MUNA mula 2001 hanggang kasalukuyan?

Dalawa't kalahating dekada (25 taon) ng magiting na paglilingkod ang ginawa ng Bayan Muna. Makabuluhan na ang mga naipagtagumpay at nagpapatuloy pa ang pakikipaglaban ng ating partido para sa interes ng mahihirap at ng bayan sa loob at labas ng Kongreso.

Nakapagpasa ang Bayan Muna ng 22 makabuluhang batas, 21 dito ang naging ganap na batas; 609 panukalang batas at 808 resolusyon mula taong 2001.

1. Republic Act(RA) 9406 Reorganizing and Strengthening the Public Attorney's Office (The PAO Law of 2007)
2. RA 9504 (Tax Relief Act of 2009) na nagsasaad na exempted sa tax ang mga manggagawang may mababang sahod
3. RA 9653 Rent Control Act of 2009 na nag lilimit ng pag taas ng renta sa mga inuupahang bahay ng mahihirap
4. RA 9745 Anti Torture Act of 2009 na nag babawal ng Tortyur
5. RA 10069 Health Workers' Day Act (2009) na nagkilala sa kontribusyon sa bayan ng mga nurses, doktor at lahat ng health workers
6. RA 10353 Enforced or Involuntary Disappearance Act of 2012
7. RA10366 (Special Polling Precinct Law) Nag tatalaga ng espesyal na presinto sa eleksyon para sa mga nakakatanda at PWD
8. RA10368 Human Rights Victims Reparation and Recognition Act
9. RA 10380 Local Absentee Voting for Media (2012)
10. RA 10609 Proteksyon sa mga estudyante laban sa napakamahal at sapilitang review centers
11. RA 10639 Free Mobile Disaster Alerts Act (2013) Nagpapadala ng text sa publiko kapag may bagyo o kalamidad